

SIPT NG KATITIKAN SA GINAWANG ESPEYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY, BARANGAY MONTELAGO, NAUJAN, SILANGANG MINDORO NA GINANAP SA BARANGAY SESSION HALL, IKA-25 NG OKTUBRE, 2014, SA GANAP NA 9:30 NG UMAGA.

NAKADALO:

Kgg. Felix Gida, Jr.	Punong Barangay
Kgg. Renie Garan	Kagawad
Kgg. Leonito Herrera	Kagawad
Kgg. Rey Ramos	Kagawad
Kgg. Jesibeth F. Cuenca	Kagawad
Kgg. Larry Garcia	Kagawad
Kgg. Philip Comia	Kagawad
Kgg. Teodoro Macagaling	Kagawad

HINDI NAKADALO:

RESOLUSYON BILANG 18, SERYE 2014

RESOLUSYON NA HUMIHILING SA SANGGUNINANG BAYAN NG NAUJAN, SILANGANG MINDORO, PARA MAGLABAS NG ISANG ORDINANSA PARA I-REKLASIPIKA (RE-CLASSIFY) ANG ILANG LANDHOLDINGS SA BARANGAY MONTELAGO, NAUJAN, SILANGANG MINDORO MULA AGRIKULTURAL PATUNGONG INDUSTRIYAL O MIXED USES.

SAPAGKAT, dahil na rin sa kahilingan ng aming barangay ay nagsumikap at nagsikhay ang Emerging Power Inc. (EPI) na makonsidera pa rin at tiyaking magkaroon ang Naujan Geothermal Project ng mailalaguyod na posibilidad na kasakop ng Brgy. Montelago upang direktang makuha ang mga mamayan dito sa tawirang benepisyong maidudulot ng proyekto;

SAPAGKAT, mayroong bahagi ng isang landholding sa Brgy. Montelago na pagmamay-ari ng pamilya De Lara (1 hectare) at pamilya Feudo (0.6 hectares) na aahot lamang sa 1.6 hectares na puwedeng gamitin para sa Geothermal na pagsasaliksik o exploration, konstruksyon ng power plant, at community development programs;

SAPAGKAT, ang lupaing ito ay maka klasipika sa kasabukuyan bilang lupaang pang-agrikultura ng Office of the Municipal Assessors of the Municipality of Naujan;

SAPAGKAT, kinakailangan mong ma-re-classify or ma-convert ang nabatid na lupaing mula agrikultural patungong industrial o Mixed Uses;

[Signature]
Kagawad

[Signature]
Leonito Herrera
Kagawad

[Signature]
Rey Ramos
Kagawad

[Signature]
Jesibeth Cuenca
Kagawad

[Signature]
Larry Garcia
Kagawad

[Signature]
Philip Comia
Kagawad

[Signature]
Teodoro Macagaling
Kagawad

SAPAGKAT, kung magtagumpay ang Proyekto mula exploration hanggang operation nito, malinaw na magdudulot ito ng tiyak na pag-unlad sa kalagayan at kabuhayan ng mga taga-Barangay Montelago at maging ng bayan ng Naujan at buong lalawigan ng Silangang Mindoro, sapagkat ito ay maaring magbunga ng oportunidad sa trabaho at pamumuhunan sa ating mamayan, at magdudulot ng pagbaba sa mataas na halaga ng kuryente.

DAHILAN DITO AY IPINASYA, tulad ng ginawang pagpapasya ngayon, sa magilitw na Mungkahi ni **Kagawad Philip Comia**, na pinagalawahan ni **Kagawad Jesibeth Cuenca**, at sinang-ayunan ng lahat ng nakadalang kasapi ng Sangguniang Barangay ng Montelago na hilingin sa pamumuno ng Pangalawang Punong Bayan **KG. HENRY JOEL TEVES** bilang Chairman ng Sangguniang Bayan ng Naujan at mga miyembro nito, na maglabas ng isang Municipal Ordinance na nirereklasipika (reclassify) ang lupaing nakalahad sa kalakip na Talaan (annex) sa resolusyong ito mula agrikultural patungong industriyal;


IPINASYA PA RIN, na ang naturang ordinausa ay ibibigay sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Naujan **KG. Judge MARK N. MARCOS**, at hilingin sa Sangguniang Panlalawigan ng Silangang Mindoro na sang-ayunan at itatipika ang naturang Municipal Ordinance, at para sa Kagawaran ng Repormang Agraryo o Department of Agrarian Reform (DAR) na aprubahan ang ano mang isusumite na Land Use Conversion Application para sa ilang landholdings sa Barangay Montelago, Naujan, Oriental Mindoro.


PINAGTIBAY, ngayong ika-25 ng Oktubre 2014, sa Barangay Hall, Barangay Montelago, Naujan, Silangang Mindoro.

PINATUTUNAYANG WASTO AT MALIWANAG:


Rolly Fablorina
Kalinin

PINATUTUNAYANG LUBOS NA PINAGTIBAY:


Felix Gida, Jr.
Punong Barangay


Kagawad


Kagawad


Kagawad


Kagawad


Kagawad


Kagawad


Kagawad